
# Ang Mahiwagang Palayok

Kuwento ni: Hazel D. Arquiza
Guhit ni: Justine C. Montoya



*F3WG-IIIcd4 Nakapaglalarawan ng mga tao, hayop, bagay, at  lugar sa pamayanan*

Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Story-book Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall submit in the work of Government of the Philippines. However, prior approval of Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd, may among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use of any purpose of stutues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounce, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assembles and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

Arquiza, Hazel D., Ang Mahiwagang Palayok, DepEd –BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Kuwento ni: Hazel D. Arquiza

Guhit ni: Justine C. Montoya

Learning Resource Managers:

Caloocan City

National Capital Region

# Ang Mahiwagang Palayok



Masarap magluto ng iba't ibang putahe ang nanay ni Boyet na si Aling Minda. Magana at masarap kumain ang pamilya nina Boyet dahil bukod sa masasayang kuwentuhan, palaging masarap din ang pagkaing inihahanda ng kaniyang ina.



Ilan lamang sa mga paborito niyang luto nito ay ang maasim na paksiw na bangus, manamis-namis na adobong baboy, at ang mainit na sabaw ng tinolang manok.



Masaya rin niya itong pinapanood habang naghahanda ng kanilang masarap na pagkain gamit ang kaisa-isa at lumang-luma niyang palayok. Madalas niya itong maabutang nakangiti at kumakanta habang nagluluto.

“Anak, kain na,” ang malambing na tawag ng kaniyang ina.

“Wow, sinigang na bangus!” tuwang-tuwa sa nakita si Boyet habang inihahanda ng kaniyang ina ang mainit-init pa nilang pagkain.



“Hmmmmm… Ang bango at ang sarap po talaga ng luto niyo, Inay!” manghang- manghang bigkas ni Boyet habang sabik na sabik na siyang makakain.

“Tawagin mo na ang iyong Itay at ng makakain na tayo,” utos sa kaniya ng ina habang masayang inihahanda ang kanilang pagkain.



Masayang humarap sa hapagkainan ang mag-anak. Pagkatapos magdasal ay masaya nilang pinagsasaluhan ang masarap na lutuin ni Aling Minda.

Lalo pang natakam si Boyet nang makita niya ang malalaking isda at makukulay na gulay sa sinigang na bangus. Ang mapupulang kamatis at maberdeng kulay ng gulay katulad ng kangkong, okra, sili, at patani ay nakakatakam sa kaniyang paningin. Lalo pa nang matikman niya ang nakakakilig na asim ng sampalok.
“Ang saraaaaaaap, Inay!”
kinikilig na sambit ni Boyet.



“Ano po ba ang sikreto mo at palaging masarap ang luto mo, Inay?” manghang-manghang tanong ni Boyet habang hinihigop ang sabaw ng sinigang.



Nagkatinginan at napangiti ang mag-asawang sina Aling Minda at Mang Ador sa tanong ng anak.

“ Sikreto?” nakangiting tanong ni Aling Minda, sabay tingin sa lumang palayok na ginamit sa pagluluto. Naalala niya noong kabataan din niya, halos katulad din niya si Boyet na aliw na aliw sa masasarap na lutuin ng kanyang inang si Lola Pacing.



“Wala naman masyado, anak,” sabay kindat nito sa kaniyang mag-ama. “Sadyang masarap at magana ka lang kumain,” pabirong sabi kay Boyet.

"Masarap talagang magluto ang iyong ina, anak," natutuwa ring sagot ng kaniyang ama. "Lalo pang sumasarap ang pagkain lalo na't sama-sama natin itong pinagsasaluhan. Kaya nga, kahit ano mang pagod ko'y napapawi dahil sa sarap ng pagkain at samahan natin."



"Kaya nga po, Itay, lagi kong ikinukuwento sa aking mga kaklase na masarap magluto si Inay," ani ni Boyet.

“Naalala ko ang yumao mong Lola Pacing. Napakasarap din niyang magluto. Siya ang nagturo sa aking magluto
at nagpamana ng palayok na ito,”
wika ni Aling Minda, sabay turo
sa lumang palayok na nakapatong
sa kanilang mesa.


“Siya nga! Mahiwaga pala ang palayok na iyan!” nanlalaki ang mga mata ni Boyet habang nakatingin sa palayok.

“Ha? Mahiwaga?” takang tanong ni Aling Minda na naaliw sa nasambit ng anak.



“Opo, Inay. Mahiwaga po ang palayok na ipinamana sa’yo ni Lola Pacing sapagkat lahat ng niluluto mo sa palayok na iyan ay sumasarap,” hindi mapigilan ang pagkamangha sa mukha ni Boyet.

Isang araw, nagkasakit si Aling Minda. Labis na nag- alala si Boyet. Naisipan niyang siya muna ang magluluto ng mainit na sabaw para guminhawa ang pakiramdam nito.



"Inay, huwag na po kayong mag-alala. Ako na po ang bahala sa pagkain natin," nag- aalalang sabi ni Boyet sa kaniyang ina nang sinubukan nitong bumangon para magluto.


Naisip ni Boyet na gamitin ang mahiwagang palayok ng kaniyang ina upang maging masarap ang kaniyang lulutuin.



“Inay, ako na po muna ang magluluto ha.


“Dito po muna kayo sa inyong higaan. Magpahinga po muna kayo,” halata sa mukha ni Boyet ang pag-aalala sa ina.

“Pero anak, bata ka pa at hindi mo pa kayang magluto,” nangingiting sambit ng ina. Natutuwa siya sa ipinapakitang pag-aalaga sa kaniya ng kaniyang anak. “Hayaan mo na akong magluto at kaya ko pa naman,” dagdag nito.



“Hindi po, Inay. Kaya ko na pong magluto. Ang mahiwagang palayok na po ang bahala sa akin!” buong tiwalang wika ni Boyet.

At dahan-dahan ngang kinuha ni Boyet ang mahiwagang palayok mula sa lagayan. Ingat na ingat niya itong hinawakan dahil baka ito'y mabasag. Gawa ito sa luwad at halatang luma na dahil halos kupas na rin ang kayumanggi nitong kulay.



May mga lamat na rin ito, patunay na matagal na rin itong ginagamit sa pagluluto. Maingat niya itong inilapag sa kanilang munting lamesa.

"Inay, ano po ang gusto niyong lutuin ko?" tanong ni Boyet sa ina.



"Halika, anak. May ibubulong sa iyo si Inay," nakangiting wika ni Aling Minda.


"Alam mo ba kung ano ang tunay na mahiwaga?" tanong nito sa kaniyang anak.

"Opo, itong mahiwagang palayok po!" agad namang sagot ni Boyet.



"Anak, ang tunay na mahiwaga at sikreto ng masarap na lutuin namin ng Lola Pacing mo ay ang tunay at wagas na pagmamahal namin sa aming ginagawa. Kung hahaluan mo ng pagmahahal ang lahat ng gagawin mo katulad ng pagluluto, magiging masarap ang mga lutuin mo," nakangiting paliwanag ng kaniyang ina.

“Sa tuwing nakikita ko kayo
ng iyong ama na masayang kumakain,
natutuwa ako. Kayo ang dahilan
kung bakit mahal ko ang pagluluto
at kung bakit ako masaya
sa ginagawa ko,” dagdag pa nito.



"Ganoon po ba, Inay?" parang di pa rin makapaniwala si Boyet. Buong akala niya'y may kung anong hiwaga  na mayroon ang palayok ng kaniyang ina kaya ito palaging masarap magluto.



"Oo naman, anak. Kaya kahit ano pa man ang lutuin mo at gagamitin mong kasangkapan sa pagluluto, magiging masarap pa rin ito dahil mahal mo ang ginagawa mo. Lagi mong tatandaan na sa anumang bagay na gagawin mo, palagi mo itong hahaluan ng pagmamahal," paliwanag ng kaniyang ina.

"Ang galing! 'Yun pala ang sikreto ng masarap na luto ninyo ni Lola Pacing, Inay," natuwang sambit ni Boyet.

"Oo, anak," nakangiting sagot ni Aling Minda.



"Halika na, tuturuan na kitang magluto ng masarap na pagkain natin sa ating mahiwagang palayok," sabay kindat sa nakangiti na ring si Boyet.

At masayang inalalayan ni Boyet ang kaniyang ina habang sila ay nagluluto ng masarap na pagkain nilang mag- anak gamit ang kanilang mahiwagang palayok.



Masaya ang mag- anak nina Boyet lalo na kung sila ay sabay- sabay na kumakain sa hapag kainan. Manghang- mangha siya sa sarap na lutuin ng kayang ina gamit ang mahiwagang palayok na pinamana ng kanyang lola dito. Nais malaman ni Boyet ang sikreto ng kanyang ina kung bakit ganun nalang kasarap ang mga lutuing pagkain nito.

May kinalaman kaya ang palayok na pinamana ng kanyang lola?

Anong hiwaga ang bumabalot sa palayok na ito?